

LESSON PLAN | Topic and Targeted Takeaways to Learn About and Retain
Banghay-aralin | Paksa at Inaasintang mga Matututunan at Maalala ng Mag-aaral

Week 6 Topic | Human Diversities by Birth and thru Training
Paksa ng Linggo | Pagkakaiba-iba ayon sa Pagkasilang at Pagkasanay

Main Question | Are human distinctives due to nature and/or nurture?
Susi na Tanong | Ang Kakanyahan ba ay sanhi ng pagkasilang at/o pagkasanay?

Key Learnings | 1. **Natural Selection** | Features of organisms are sculpted by genetic mutation and environmental adaptation;
Dapat Magagap | Ang pagkakaiba-iba ng mga species ay pinaghalong mutation ng hene at pagsabak sa kani-kanilang likas na kapaligiran;
 2. **Artificial Selection** | and also cultivated thru schooling. at nahuhubog din ang mga katangian ng aral at pagsasanay.

NOTES REFERENCES SOURCES TASKS	
Mga Kagamitan:	Contextualized Activities Balete, Aklan 
a. Projector/TV	
b. Laptop/Computer	
c. Speaker	
d. Mga kagamitan sa pagguhit o Pagsulat	
e. Societrix Tactile and Manipulative Tools	
Paunang mga Gawain:	
a. Panalangin	
b. Pag-tsek ng Attendance	
c. Thought of the Day	
d. Pampasigla	
Sources:	
https://www.youtube.com/watch?v=EGJhY8iDbJ8	
Societrix.com	
Leonardo.ai	

I. Animating the Affective Senses and Sustaining the Recollection of Learning
 Pagpupukaw ng Pakiramdam at Malaunang Pagpapatimo sa Alaala ng Napag-aralan



societrix.com/
 exemplars/06

Sa-Lah-Ed-An-Ga-Na

LIBRARY OF SONGS AND SOCIETY

Ang mga kakanyahan
 Ay sadyang iba-iba
 Kapwa pahalagahan
 Sa-lah-ed-an-ga-na

Sari, lahi, at edad
 Anyo, galing, at nais
 Ang mga komunidad
 Ang magbibigkis

Sa-lah-ed-an-ga-na
 Sa-lah-ed-an-ga-na
 Kapwa pahalagahan
 Sa-lah-ed-an-ga-na

AFFECTIVE CLASS EXERCISES
Gawain 1. Balete Banwa ko: "Sari-Saring Tao, Isang Balete" Reflection
Habang pinapakinggan ang kanta, mag-isip ang bawat mag-aaral ng isang tao sa Balete na kanilang kakilala na sa tingin nila ay "iba" o "natatangi." Hindi mahalaga kung ano ang pagkakaiba (hal. iba ang trabaho, iba ang paniniwala, iba ang itsura, o iba ang galing). Isulat o iguhit ito sa isang papel.
Pamprosesong mga Tanong
1. Ano ang naramdaman ninyo habang pinapakinggan ang kanta?
2. Anong pagkakaiba ang nakita ninyo sa mga taong nasa Balete? Sa inyong mga kaklase?
3. Bakit mahalagang pahalagahan ang bawat isa, sa kabila ng kanilang pagkakaiba?

II. Engaging the Cognitive Faculties through Critical Freewheeling Exchange of Inquiries, Suppositions, Information, and Opinions

Pag-uudyok ng Kaisipan sa pamamagitan ng Mapanuri at Malayang Pagpapalitan ng mga Pagpapalagay, Katanungan, Kuro-kuro, at Kaalaman

THE SYMBIOSIS BETWEEN PERSONAL HAPPINESS AND COMMON GOOD

Because we share quite a few important things in common with other people (sex, race, age, physical and mental conditions), yet also get to live our lives in different ways, it might help to think of society as a challenging balancing act between things that make us happy personally, as well as all of us universally.

COGNITIVE CLASS EXERCISES

Diskusyon para sa Guro:

Ang Dalawang Magkaibigan sa Ilog ng Balete (Mag-amigo sa Jae-o)

Sa tabi ng malawak at payapang ilog ng Balete, lumaki ang dalawang magkaibigan: si Dodoy at si Berto. Si Dodoy ay tila isinilang na may galing sa sining. Bata pa lang, mahilig na siyang gumuhit ng mga tanawin at sa tabing-ilog. Ang kanyang mga kamay ay parang may sariling isip, mabilis na lumilikha ng mga obra na kahanga-hanga. Sabi ng kanyang mga magulang, nagmana raw si Dodoy sa lola niyang mahusay gumawa ng mga Nito baskets. Tila nasa dugo niya na ang pagiging malikhain. Ito ang kanyang "nature" ang likas na galing na dumadaloy sa kanyang pagkatao.

Si Berto naman ay kabaligtaran. Hindi siya magaling sa pagguhit o paggawa ng sining. Ang kanyang lakas ay nasa pag-alam at pag-unawa sa kalikasan. Araw-araw, sinasamahan niya ang kanyang tatay na isang mangingisda. Tinuruan siya kung paano basahin ang galaw ng tubig, kung paano alamin ang panahon sa pamamagitan ng ulap, at kung paano gumawa ng matibay na lambat. Sa paglipas ng panahon, si Berto ay naging isang dalubhasa sa pangangisda, hindi dahil sa siya ay isinilang na magaling, kundi dahil sa pagsasanay at pag-aaral na ibinigay sa kanya ng kanyang pamilya. Ito ang kanyang "nurture" ang mga kakayahang hinubog ng kanyang kapaligiran at mga karanasan.

Isang araw, bumagyo nang malakas. Nasira ang bahagi ng tabing-ilog. Nag-aalala ang mga tao sa Balete. Kailangan nilang gumawa ng matibay na harang para hindi tuluyang masira ang mga bahay. Nag-isip si Dodoy. Naisip niya ang kanyang mga guhit ng mga ugat ng punong-kahoy na matibay na kumakapit sa lupa. Gamit ang kanyang pagkamalikhain, iginuhit niya ang isang disenyo para sa isang matibay na

III. Employing Physical Activities, Tactile Tools and Manipulatives to enhance Absorption and Internalization of the Subject and Key Learnings

Paggalaw ng Katawan at Paggamit ng mga Aparatong Nabubusisi't Nahahawakan upang mapaigi ang Pagnguya at Pagsaloob ng Paksa at Kaakibat na Aral

BINCUB | Box of Biases

Six Societal Planes of Discriminations between and among Peoples and Persons

Virtual
Bincu




societrix.com/
virtualbincu

How to build
the Bincu



societrix.com/
manipulatives



PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES

Gawain 3. Societrix Model: BINCUB | Box of Biases:

Gamitin ang "BINCUB" model para mas maipakita ang "Six Societal Planes of Discrimination between and among Peoples and Persons".

Pamprosesong mga Tanong:

1. Mayroon ka bang mga paniniwala tungkol sa isang tao sa Balete base lang sa kanyang itsura? Halimbawa, "Mukhang matalino siya," o "Mukhang mahina siya." Bakit ka nagkaroon ng ganoong paniniwala kahit hindi mo pa siya lubos na kilala?

COGNITIVE CLASS EXERCISES
Ang Kalabisan ng Tao at ang Epekto sa Kalikasan Ang pagiging sagana ng tao ay nagdudulot ng mga gawaing nakakasira sa kalikasan, tulad ng sobrang paggamit ng mga likas na yaman tulad ng pagkuha ng buhangin at bato sa ilog at pagpuputol ng mga puno sa bundok. Sa Balete, ang mga gawaing ito, kabilang na ang pagbabawal sa kaingin o pagsusunog ng kagubatan, ay mahalaga upang maiwasan ang malawakang pagbaha at pagguho ng lupa. Ang mga puno ay nagsisilbing panangga sa matinding ulan, at kapag ito'y nawala, mas mabilis bababa ang tubig na magdudulot ng pagbaha sa kapatagan at mga bahay na malapit sa ilog. Hindi Pantay na Epekto ng mga Sakuna Hindi pare-pareho ang epekto ng mga sakuna sa lahat. Sa Balete, mas apektado ang mga pamilyang nakatira sa tabi ng ilog dahil sa malalaking baha. Ipinapakita nito na ang mga epekto ng sakuna ay mas nararanasan ng mga nasa mas mahirap na kalagayan, na nagiging dahilan ng pagkawala ng kanilang kabuhayan at paninirahan. Pananagutan sa Susunod na Henerasyon Bawat desisyon natin ngayon may malaking epekto sa kinabukasan. Ang pagsimot ng likas na yaman tulad ng sobrang pangingsda at pag-ubos sa mga yamang-gubat ay hindi makatarungan para sa ating mga anak at apo. Tungkulin nating alagaan ang ating kapaligiran upang masiguro na may matitira pa para sa kanila. Ang pagiging responsable ngayon ay para sa mas maunlad at masaganang Balete sa hinaharap. Gawain 2. "Sino ang Mas Apektado?" (Pangkatang Talakayan): Pangkatang Gawain: Hatiin ang klase sa tatlong grupo. Bawat grupo ay bibigyan ng "role" o tauhan na magbibigay ng kanilang pananaw: Unang Pangkat: Mangingisda sa Ilog: Ano ang nararanasan nila kapag marumi ang ilog at may baha? Sino sa tingin nila ang may pananagutan dito? Pangalawang Pangkat: Magsasaka: Ano ang epekto sa kanilang pananim ng matinding tag-init o baha? Paano sila apektado ng pagkawala ng mga insekto o hayop na tumutulong sa kanilang tanim? Pangatlong Pangkat: Mga Kabataan sa Balete: Ano ang magiging epekto sa kanilang kinabukasan kung masisira ang kalikasan? Anong mga halaman o hayop sa Balete ang baka mawala sa hinaharap? Pagtalakay: Pagkatapos mag-isip ng mga grupo, magkaroon ng "panel discussion" kung saan ibabahagi ng bawat grupo ang kanilang pananaw. Pag-usapan kung bakit hindi pare-pareho ang dagok ng pinsala sa mga sakuna at kung bakit mahalaga ang "generational justice" o hustisya sa susunod na henerasyon.

PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES
Gawain 4. "Ulihiing Tubas" Laro Magsilbing "puno" ang ilang mag-aaral at maglagay ng "bunga" sa kanilang mga kamay (hal. mga papel na may nakasulat na "likas na yaman"). Ang mga "bunga" ay may iba't ibang kulay (hal. berde, dilaw, pula) na kumakatawan sa iba't ibang likas na yaman (hal. berde = kahoy, dilaw = ani, pula = hayop). Gampanin ng Mag-aaral: Mga Tao: Karamihan sa mga mag-aaral ay magiging "mga tao" na kukuha ng mga "bunga" sa "puno." "Future Generations": Ilang mag-aaral ang ilalagay sa gilid ng laro na kumakatawan sa susunod na henerasyon. Laro: Unang Round (Overexploitation): Sabihin sa mga "tao" na kunin ang lahat ng "bunga" na makukuha nila sa loob ng 10 segundo. Pagkatapos, pag-usapan kung ano ang nangyari sa "puno" at kung ano ang magiging reaksiyon ng "future generations." Ikalawang Round (Sustainability): Ipaliwanag ang konsepto ng sustainability. Sabihin sa mga "tao" na kumuha lamang ng sapat na "bunga" upang hindi maubos ang mga ito at may matira pa para sa "future generations." Pag-usapan ang pagkakaiba sa reaksiyon ng "puno" at "future generations" sa round na ito. Pagtalakay: Pagkatapos ng laro, tanungin ang mga mag-aaral: Ano ang naramdama ninyo bilang "tao" sa bawat round? Ano ang naramdaman ninyo kung kayo ang "future generations"? Paano natin masisigurado na may matitira pa para sa mga susunod na henerasyon sa Balete?

IV. **Active Integration** | Content Creation for popularizing Citizens' Concerns
Aktibong Paghahabi | *Paglikha ng Mensaheng may Pakialam sa mga Mamamayan*

Bugtong-bugtong
Pag kanya-kanya
tig-iisa

Dugtong-dugtong
Pag kakanyahan
anim ka

*Diddle riddle
On my own, I'm all alone
Twist a little
Half a dozen, all my own*

INTEGRATIVE CREATIVE CONTENT ADVOCACY CLASS EXERCISES

Gawain 5. "Sa-Lah-Ed-An-Ga-Na sa Balete" Campaign

Pangkatina ang mga mag-aaral. Bawat grupo ay lilikha ng isang maikling "spoken word poetry" o "short skit" (dula-dulaan) na nagpapahayag ng mensahe mula sa kanta. Ang tema ay "Sa Balete, Iba-iba, Pero Mahalaga!"

Grupo 1: Gumawa ng isang dula na nagpapakita ng magkakaibang tao sa Balete na nagtutulungan dahil sa kanilang mga natatanging talento o kakayahan.

Grupo 2: Gumawa ng isang "spoken word poetry" na nagpapahayag ng pagtanggap sa iba't ibang lahi, edad, o paniniwala na matatagpuan sa Balete.

Grupo 3: Gumawa ng isang "PSA" (Public Service Announcement) na naghihikayat sa mga tao sa Balete na maging mas bukas at "mindful" sa kanilang pakikipag-ugnayan sa iba't ibang uri ng tao.

Ibahagi ang mga nalikhang "output" sa klase. Pagkatapos, pag-usapan kung paano nila dadalhin ang mensahe na ito sa kanilang pamilya at sa kanilang komunidad.

V. Process and Impact Assessments from the views of Teachers and Students
Pagtatasa ng Proseso at Epekto batay sa tingin at danas ng mga Guro at Mag-aaral

KEY ASSESSMENT INDICATORS

AFFECTIVE : Feelings over the Subject <i>Pagdama sa Paksang Pinag-aaralan</i>	Numb <i>Namanhid</i> 1	Disdainful <i>Nangutya</i> 2	Affected <i>Nabagbag</i> 3	Hopeful <i>Nag-alab</i> 4	Shaken <i>Nayanig</i> 5
COGNITIVE : Thoughtful Consideration <i>Pagsasa-isip ng Usaping Tinatalakay</i>	Falsehood <i>Bulaan</i> 1	Irrational <i>Baligho</i> 2	Mindful <i>Mapagtanto</i> 3	Thorough <i>Mabusisi</i> 4	Analytic <i>Mapanuri</i> 5
PHYSICAL : Participation in Activities <i>Paglahok sa mga Pisikal na Aktibidad</i>	Unwilling <i>Umiwas</i> 1	Hesitant <i>Atubili</i> 2	Cooperative <i>Sumasali</i> 3	Involved <i>Ganado</i> 4	Animated <i>Bibo</i> 5
APPLIED : Creative Content Advocacy <i>Pagbabahagi ng Natutunan sa Klase</i>	Negligent <i>Pabaya</i> 1	Wanting <i>Kulang</i> 2	Compliant <i>Bastante</i> 3	Consistent <i>Palagi</i> 4	Persistent <i>Pursigido</i> 5
PROCESS : Generating Joy in Learning <i>Paglinang ng Kasiyahan sa Pagkatuto</i>	Annoyed <i>Nayayamot</i> 1	Bored <i>Nababagot</i> 2	Content <i>Kampante</i> 3	Eager <i>Natutuwa</i> 4	Excited <i>Nagagalak</i> 5

To involve the students in assessing the effectiveness or ineffectiveness of the lesson plan for a particular week in terms of the reaction and disposition of the class as enumerated in the above parameters, students might take turns a few at a time as in-house observers.

More telling perhaps than the tabulated "objective" scores is an accounting of conditions (internal, external, size of class, size of classroom, ambient noise, smell, heat and the like) not as an excuse, but as reality check if the pedagogical approach is in fact up to the task.

TEACHER'S ADAPTIVE NOTES | INNOVATIVE WAYS FORWARD